ELECTION 2020

Call:
1-888-API-VOTE
(274-8683)

Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通話/普通话), Cantonese (廣東話/广东话), Korean (한국인), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali (বাংলা).

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC

ASIAN COMMUNITY DEVELOPMENT COUNCIL

Handa Ka Na Bang Bumoto: Nevada?

Na-update noong Martes, Oktubre 16, 2020

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2020

Kapag bumoboto, mayroon kang karapatan na:

☑ Magdala ng kasama upang matulungan kang bumoto habang nasa lugar ng botohan kung ikaw ay nahihirapan sa Ingles.
☑ Makatanggap ng tulong sa wika na galing sa gobyerno sa iilang mga lugar.
☑ Bumoto ng hindi natatakot o makatanggap ng diskriminasyon galing sa iba.
- ➢ Ang pananakot o diskriminasyon sa mga lugar ng botohon ay maaaring maging paghaharass sa iyo o pagbabawal sa iyong karapatan na bumoto dahil sa iyong punto o hinahamon ang iyong karapatan na bumoto sa isteryotipo na ikaw ay hindi mamamayan dahil sa iyong lahi.

Sino ang maaaring makaboto sa Nevada

- May eded na 18 na taong gulang sa araw mismo o bago ang Araw ng Halalan;
- Isang mamamayan ng Estados Unidos;
- Isang residente ng Nevada sa loob ng 30 na araw at 10 na araw sa iyong presinto bago ang alin mang halalan;
- Kasalukuyang hindi nakakulong dahil sa mabigat na krimen; at
- Hindi naideklara ng hukuman na isang taong walang kakahayan.

Kinakailangang rehistrado ka upang ikaw ay makaboto.

Mga Pangunahing Petsa

- Martes, Oktubre 6 – Dedlayn ng pagrehistro upang makaboto sa pamamagitan ng koreo o ng personal
- Sabado, Oktubre 17 – Biyernes, Oktubre 30 – Panahon ng maagang pagboto
- Huwebes, Oktubre 29 – Dedlayn ng pagrehistro online upang makaboto
- Martes, Nobyembre 3 – Araw ng Halalan! Bumoto ng personal sa iyong lugar ng botohan o siguraduhin na ang iyong absentee ballot ay natatakan ng selyo pagdating ng araw na ito.

Pagpaparehistro bilang Botante: Rehistrado ka na ba?

Mga dedlayn ng rehistrasyon para sa botante:

- Sa pamamagitan ng koreo – natatakan ng selyo pagdating ng Martes, Oktubre 6.
- Personal – Martes, Oktubre 6.
- Online
  - Huwebes, Oktubre 15 – Kung nakarehistro ka na sa pagdating ng araw na ito, makakatanggap ka pa rin ng balota sa koreo.
  - Huwebes, Oktubre 29 (ngunit kinakailangan mo ng lisensiya sa pagmamaneho sa Nevada o ID kard) – Kung ikaw ay nagparehistro sa araw na ito, kailangan mong bumoto ng personal.
- Rehistrasyon ng Botante sa Araw ng Halalan: Ang mga botante sa Nevada ay maaaring magparehistro upang bumoto o mag-update ng kasalukuyang impormasyon ng rehistrasyon ng botante ng personal sa

lugar ng botohan sa pahanon ng maagang botohan o sa Araw ng Halalan. Kinakailangan mong magpresenta ng lisensiya sa pagmamaneho sa Nevada o ID upang makapagparehistro.

- Inirerekomenda ang maagang magparehistro upang makaboto hangga't maaari at sagutan ang aplikasyon para sa rehistrasyon ng botante bago pumunta sa lugar ng botohan kung pinaplano mo na magparehistro upang makaboto sa Araw ng Halalan o sa panahon ng maagang pagboto.

- Nakapagparehistro ka na ba upang makaboto dati?
  - Oo
    - Kumpirmahin kung ikaw ay nakarehistro pa sa lugar kung saan ka nakatira: https://www.nvsos.gov/SOSVoterServices/start.aspx
    - Kung ikaw ay hindi na nakarehistro, magparehistro muli ngayon: https://www.nvsos.gov/sos/elections/voters/registering-to-vote
    - Kung ikaw ay nakarehistro sa maling address, i-update ang iyong rehistrasyon: https://www.nvsos.gov/SOSVoterServices/start.aspx
  - Hindi
    - Magparehistro ngayon!
      - Online: https://www.nvsos.gov/SOSVoterServices/start.aspx
        - Mga kinakailangan
          - Lisensiya sa Pagmamaneho sa Nevada or;
          - Nevada State ID or;
          - Social Security Number
      - Koreo/Personal Bago ang Araw ng Halalan: https://www.nvsos.gov/sosvoterregform/
      - National Mail Voter Registration Form: https://www.eac.gov/voters/national-mail-voter-registration-form
        - Ang National Mail Voter Registration Form ay maaaring magamit upang magparehistro ng mga mamamayan sa U.S. upang makaboto, mag-update ng impormasyon sa rehistrasyon dahil sa pagpapalit ng pangalan, pagpalit ng address, o upang magrehistro sa isang pulitikal na partido.
        - Kinakailangang sundin mo ang espesipikong panuntunan ng estado na nakalista sa iyong estado. Ang mga ito ay nagmumula sa ika-3 na pahina ng form at nakalista ng alpabetiko ayon sa estado. Pagkatapos sagutan ang form na ito, kinakailangan mo itong pirmahan ng iyong pangalan at ipadala ito sa estado o lokal na tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan para pagpo-proseso. Siguraduhin na ipadala ito ng nakalagay sa sobre kalakip ang tamang halaga ng selyo.
        - I-download ang Form sa 15 na Lengguwahe:
          - National Mail Voter Registration Form – English
          - طلب تسجيل الناخب – Arabic
          - জাতীয় ডাক ভোটার নিবন্ধন ফরম – Bengali
          - 国家邮件选民登记表 – Chinese
          - Inscription sur les listes électorales – French
          - Aplikasyon Enskripsyon Elektè – Haitian Creole
          - राष्ट्रीय डाक मतदाता पंजीकरण फॉर्म – Hindi
          - 国立メール有権者登録フォーム – Japanese
          - ទម្រង់បែបបទនៃការចុះឈ្មោះអ្នកបោះឆ្នោតជាតិ – Khmer
          - 전국 우편 유권자 등록 양식 – Korean
          - Solicitação para cadastro de eleitor – Portuguese
          - Заявка на регистрацию избирателя – Russian
          - Formulario nacional de inscripción de votantes – Spanish
          - National Mail Form ng Pagpaparehistro ng Botante – Tagalog
          - Mẫu đăng ký quốc gia Thư cử tri – Vietnamese
        - Paunang rehistrasyon para sa mga 17 na taong gulang:
          Ang 2017 na lehislatura ay inaprubahan ang Senate Bill 144, kung saan pinapayagan ang mga mamamayan ng U.S. na may edad 17 na taon ngunit may edad na mas mababa sa 18 na taon na magpaunang rehistro upang

makaboto. Ang isang tao ay maaaring magpaunang rehistro gamit ang alin mang paraan na maaari para sa isang tao na makarehistro para bumoto, kabilang ang online sa www.RegisterToVoteNV.gov. Ang isang taon na nakapagpaunang rehistro upang makaboto ay awtomatikong rehistrado upang makaboto sa kanyang ika-18 na kaarawan maliban na lang kung ang kaniyang paunang rehistrasyon ay nakansela.

Vote by Mail (VBM)/Mga Absentee Ballot

- Ikaw ba ay humiling ng balotang mail in?
- Oo
  - Ang mga botanteng nais i-tsek ang istatus ng kanilang balota sa koreo ay maaaring maglog-in sa website ng Kalihim ng Estado para sa serbisyo para sa botante (website) at kumpirmahin kung ang balota nila ay natanggap na, o maaari silang direktang makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa kanilang lalawigan. Ang mga botante ay mayroong opsyon na magpalista para mapadalhan ng alerto para sa botante sa pamamagitan ng mensahe sa text o email kung ang balota ng botante at natanggap o nabilang.
  - Ang mga botante ay maaari ng magpalista para sa pagsubaybay ng balota o mga alerto sa estado ng balota dito.
- Hindi
  - Paano ako hihiling ng VBM?
    - Ang mga aktibong botante ay awtomatikong makakatanggap ng mga VBM kalakip ang bayad na selyo.
    - Mga bagong rehistradong botante. Kung nais mong humiling ng balotang mail in, maaaring may oras pa para gawin ito:
      - Ang paghiling ng pagboto sa absent ballot ay kinakailangang matanggap ng iyong lokal na opisyal ng eleksyon ng hindi lagpas ng 5 pm ng Martes, Oktubre 20. Ngunit, ang mga hiling para sa absent ballot ay dapat na maisumite ng maaga hangga't maaari upang mabigyan ng sapat na oras na matanggap, mamarkahan at ibalik ang absent ballot bago ang dedlayn.
      - Inirerekomenda na pagkukumpleto at pagpapadala ng VBM/absentee ballot pagdating ng Biyernes, Oktubre 9.
      - Ang sinumang rehistradong botante ay maaaring humiling na mag-VBM. Upang humiling ng absent ballot, kinakailangang mong kumpletuhin at isumite ang Absent Ballot Request Form sa Klerk ng Lalawigan/Tagatala ng mga Botante sa lalawigan kung saan ka nakarehistro upang bumoto. Kung ikaw ay residente ng Lalawigan ng Clark, maaari mong makuha ang form galing sa kanilang website sa http://www.clarkcountynv.gov/vote.
  - Ano ang kinakailangan ko upang makumpleto ang aking VBM?
    - Maingat na sundan ang mga panuntunan ng VBM at siguraduhin na ang lahat ng kinakailangang materyales at mga sobre ay naisama bago ipadala pabalik ang iyong VBM.
    - Hindi mo kailangan magbigay ng kopya ng iyong ID sa VBM sa Nevada MALIBAN KUNG ikaw ay unang beses na boboto.
  - Botanteng Unang Beses na Boboto LAMANG. Maging pamilyar sa mga kinakailangang identipikasyon para sa mga botanteng unang beses na boboto ng VBM. Upang matupad ang pangangailangang ito, dapat mong magsumite sa iyong Klerk ng Lalawigan/Tagatala ng opisyal na identipikasyon ng iyong parehong IDENTIDAD at PANINIRAHAN ng alinman sa aplikasyon ng rehistrasyon o absent ballot request form. Ang "Opisyal na Identipikasyon" ay nangangahulugan na na-isyu ng gobyerno o kaya't opisyal, artikulo o kombinasyon ng mga artikulo na nagpapatatag ng iyong parehong identidad at paninirahan (tingnan ang mga halimbawa sa ibaba)
  - Ang mga porma ng ID ay maaaring maging:
    - Isang kasalukuyan at balidong lisensiya sa pagmamaneho sa Nevada
    - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon na na-isyu ng Kagawaran
    - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon na na-isyu ng sangay ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos

        - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon na na-isyu ng serip ng isang lalawigan ng Nevada sa isang empleyado bilang isang kondisyon ng pagkakaroon ng trabaho ng iilang mga negosyo
        - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon na na-isyu ng isang ahensya ng Estado ng Nevada o pulitikal na subdibisyon dito o ng Estados Unidos, kabilang na rin ngunit walang limitasyon, sa pampublikong paaralan, kolehiyo o unibersidad.
        - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon ng pagkaestudyante mula sa akreditong pribadong paaralan, kolehiyo o unibersidad
        - Isang kasalukuyan at balidong pasaporte ng Estados Unidos
        - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon ng plano ng insurance kung saan kinikilala ito ng klerk ng lalawigan, sa kanyang sariling diskresyon, na maaasahang indikasyon ng totoong pangalan at katauhan ng tao
        - Isang kasalukuyan at balidong kard ng identipikasyon ng tribo

    - Mga maaaring kabilang na Artikulo na Nagpapatibay ng Paninirahan:
        - Alin mang porma ng ID na nakasaad sa itaas
        - Isang kasalukuyan at balidong utility bill, kabilang nguniti walang limitasyon sa bill para sa kuryente, gaas, langis, tubig, alkantarilya, poso negro, telepono, cell phone, o cable sa TV
        - Kasalukuyan at balidong statement o pahayag sa bangko o unyon ng kredito
        - Kasalukuyan at balidong rekord ng sweldo o paycheck
        - Kasalukuyan at balidong income tax return
        - Kasalukuyan at balidong statement o pahayag na patungkol sa pagsasangla (mortgage), renta o pag-upa ng tinitirahan
        - Kasalukuyan at balidong rehistrasyon sa sasakyang motor
        - Kasalukuyan at balidong dokumento na na-isyu ng isang ahensya ng gobyerno
        - Kasalukuyan at balidong pahayag o statement ng buwis sa propyedad
        - Alin mang iba pang opisyal na artikulo kung saan kinikilala ng klerk ng lalawigan, sa kanyang sariling diskresyon, na maaasahang indikasyon ng totoong address ng tirahan ng tao.
    - Paki-direkta ang anumang katanungan patungkol sa pagboto bilang absentee sa inyong kani-kaniyang Klerk ng Lalawigan/Tagatala o sa Dibisyon ng Eleksyon sa (775) 684-5705.

- Paano ko ibabalik ang aking VBM?
    - Basahin ng mabuti at sundan ang mga panuto kung paano kukumpletuhin ang iyong VBM. Siguraduhin na ilakip lahat ng kinakailangang materyales at mga sobre.
    - Kung nais mong ihulog ang iyong VBM,
        - Sagutan at kumpletuhin ang VBM gamit ang asul o itim na tinta. MAINGAT na sundin ang mga panuto.
        - Ang mga absent ballot ay kinakailangang ihulog sa Tanggapan ng Klerk ng Lalawigan sa inyong lugar ng hindi lalagpas ng 7 pm sa Araw ng Halalan.
    - LALAWIGAN NG CLARK LAMANG:
        - Ang LAHAT ng lokasyon para sa maagang pagboto at mga Sentro ng Botohan para sa Araw ng Halalan ay magiging lugar kung saan ihuhulog ang mga koreo na balota o mail ballot.
        - Ibang mga lokasyon (hal. mga lokasyong walang maagang pagboto o Araw ng Halalan) ay nakalista dito: https://cms8.revize.com/revize/clarknv/Election%20Department/MB-Drop-20G.pdf?t=1602778239372&t=1602778239372
        - Bidyo kung paano kumpletuhin ang iyong VBM: https://www.youtube.com/watch?v=jvQXcZxn_fM
    - Kung pinaplano mong gumamit ng USPS upang ipadala pabalik ang iyong balota,
        - Ang mga absentee na balota ay dapat matatakan ng selyo pagdating ng Araw ng Halalan at mapadala sa Tanggapan ng Klerk ng Lalawigan sa inyong lugar. Ang mga absentee na balota na natatakan ng selyo pagdating ng Araw ng Halalan at natanggap ng hindi lagpas sa 7 na araw pagkatapos ang halalan ay maisasama sa bilang.

        - TIP: Gawin ito ng maaga! Ipadala ito ng hindi bababa sa isang linggo bago ang Araw ng Halalan.
    - Gumawa ng planong pang-aksyon kung hindi mo matatanggap ang baloto o hindi mo ito matanggap sa saktong oras.

Pagboto ng Personal

- Ang maagang pagboto ay mula Sabado, Oktubre 17 hanggang Biyernes, Oktubre 30.
- Kung nais mong bumoto ng maaga:
    - Ang pagboto ng maaga sa Nevada ay madali at magagawa ng bawat botante. Ang mga botante ay maaaring bumoto sa alinmang lokasyon sa kani-kanilang lalawigan kung saan ang maagang pagboto ay inaalok. Makikita dito ang mga Lokasyon kung saan may Maagang Pagboto at mga Hulugan o Drop-off ng Balota.
    - Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Sabado, Oktubre 17, at tatakbo hanggang Biyernes, Oktubre 30. Ang mga araw at oras ng operasyon ay iba-iba sa bawat lalawigan. Isang listahan ng mga lugar ng botohan ayon sa lalawigan ay makikita dito. Upang maiwasan ang mga pila sa Araw ng Halalan, ang lahat ng gusting bumoto ng personal ay hinihikayat na bumoto ng maaga.
- Kung pinaplano mong bumoto sa Araw ng Halalan:
    - Ang mga lugar ng botohan ay bukas ng 7 am sa Araw ng Halalan at mananatiling bukas hanggang 7 pm. Hangga't ikaw ay nasa pila pagdating ng 7 pm, ikaw ay papayagang bumoto. Isang listahan ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Halalan ng naayon sa lalawigan ay makikita dito.
    - Paano ka makakarating sa lugar ng botohan? Gumawa ng plano!
- Ang ID na may larawan ay kinakailangan sa Nevada kung unang beses mong boboto. Ang mga balidong porma ng ID ay kinabibilangan ng kasalukuyan at balidong porma mula sa sumusunod:
    - Lisensiya sa Pagmamaneho sa Nevada
    - Kard ng Identipikasyon sa Nevada
    - Kard ng Identipikasyon ng Sandatahang Lakas
    - Kard ng Identipikasyon Trabaho ng Serip
    - Kard ng Identipikasyon na na-isyu ng isang ahensya ng Estado ng Nevada o ibang pulitikal na subdibisyon
    - Kard ng identipikasyon ng pagkaestudyante
    - Pasaporte ng Estados Unidos
    - Kard ng Identipikasyon ng tribo
    - Iba pang porma ng identipikasyon ay maaaring magamit; paki-tsek sa inyong Klerk ng Lalawigan/Tagatala ng mga Botante ang iba pang tinatanggap na porma ng identipikasyon

  Kung unang beses mong boboto, at hindi mo naisama ang kopya ng iyong ID noong ikaw ay nagparehistro, at hindi ka nakapagbigay ng balidong numero ng lisensiya sa pagmamaneho o social security number sa iyong aplikasyon, siguraduhin na magdala ng isa sa mga sumusunod:
    - Isang kasalukuyang ID na may larawan na nagpapakita ng iyong address
    - Isang kopya ng kasalukuyang utility bill, statement o pahayag sa bangko, rekord ng sweldo o paycheckm o iba pang dokumentong pang-gobyerno na nagpapakita ng iyong pangalan at address (ngunit ang ID ng rehistrasyon ng botante ay hindi tinatanggap)

- Alamin ang iyong mga Karapatan: Mga Provisional Ballot
    - Ang mga indibidwal na na-isyuhan ng a provisional ballot ay maaaring i-tsek ang estado ng kanilang balota gamit ang natatanging affirmation number na ibinigay sa kanila sa lugar ng botohan. Ang mga indibidwal ay maaaring tumawag sa (877) 766-8683 o gamitin ang link ng Provisional Ballot Status upang hanapin ang kanilang natatanging affirmation number. Para sa karagdagang impormasyon patungkol sa mga provisional ballot, makipag-ugnayan tanggapan ng

eleksyon ng inyong lalawigan para sa lalawigan kung saan ang provisional ballot ay naihulog. Ang impormasyon sa Provisional Ballot Status ay magagamit magmula sa pangwalong araw pagkatapos ng halalan at magagamit ito hanggang sa 30 na araw.

Tulong para sa Lengguwahe

Ikaw ay mayroong karapatan para sa tulong sa lengguwahe sa panahon ng pagboto.

- Ang Seksyon 203 ng Voting Rights Act ay nagsasabi na kinakailangan ng iilang mga hurisdiksyon na magbigay ng mga pangbotong kagamitang paglengguwahe sa mga lugar na mayroong malaking bilang ng mga botanteng mayroong limitadong kakayahan sa Ingles. Sa Nevada, Lalawigan ng Clark ay kinakailangang magbigay ng mga kagamitan sa Tagalog at Espanyol.
- Sa ilalim ng Seksyon 208 ng Voting Rights Act maaari kang magdala ng sarili mong tagapaliwanag/o taga-salin sa lugar ng botohan, basta't hindi sila ang iyong boss o isang ahente ng inyong unyon.
  - TIP: Kung kinakailangan mo ng tulong sa lengguwahe, humingi ng tulong at maghanap ng taong payag na tumulong!
- I-tsek ang iyong estado at mga lokal na batas para sa karagdagang pangangailangan para sa tulong sa lengguwahe.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
https://www.nvsos.gov/sos/elections
www.advancingjustice-aajc.org/election2020

Kung ikaw ay may mga katanungan patungkol sa pagboto, maliit man ito o malaki,
tawagan kami sa 1-888-API-VOTE (1-888-274-8683) para sa tulong sa
Ingles, Mandarin (普通話), Cantonese (廣東話), Korean (한국어), Vietnamese (tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिंदी), at Bengali/Bangla (বাংলা). Maaari kaming magbigay ng tulong hanggang sa, sa araw mismo at pagkatapos ng Araw ng Halalan.